PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
NEWS AND INFORMATION BUREAU

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
JUNE 29, 2020 (12:08 – 1:14 P.M.)

SEC. ROQUE: Magandang tanghali, Pilipinas.

Alam ninyo po, isa lang ang mensahe ni Presidente – itigil ang pulitika sa panahon ng COVID-19. Pero hindi po tumitigil ang binabato nila sa atin, kinakailangan naman po sagutin. May kakulangan daw, may kulang daw … Tinanong ano ang kulang, ibibigay namin sa iyo – wala naman pong tinatanong, walang binibigay kung ano daw iyong mga kakulangan.

Pero sagutin po natin, tama ba ang mga hakbang na ginawa ng ating gobyerno? Ang sagot po namin – opo. Hindi po tayo perpekto, siguro po talaga we could have done better. Pero narito na po tayo and one thing I can assure you, the President did the very best that he can and we are in control of the situation.

Bakit ko po nasabi iyan? Tingnan ninyo po itong graph na ginawa po ng UP – ang UP naman po pinagtitiwalaan natin dahil sinasabi nga nila iyong kanilang mga mathematical model nagkakatotoo. Pero ano iyong kanilang ginawang kauna-unahang graph? Ilan dapat ang nagkaroon na ng sakit na COVID-19 kung hindi po gumawa ng mga hakbang ang gobyerno, ng ating Presidente? Ang sabi po ng UP, kung wala po tayong lockdown na ginawa eh ngayon po mayroon na tayo sanang 3.6 million cases ng COVID – 3.6 million.

Saan po nagkulang ang Presidente? Ano pa po ang dapat ginawa niya?

Naiwasan po ang 3.6 million cases ng COVID. Ang ating ginagawa po ngayon ay sinisiguro natin na habang wala pa pong bakuna eh mapapabagal natin iyong pagkalat ng sakit dahil kinakailangan eh bigyan natin ng medical assistance ang ating mga kababayan kapag sila po ay nagkasakit. Ibig sabihin, talaga pong nais nating bawasan ang kaso ng mga COVID pero iyon nga po, wala pang gamot so, dadami at dadami iyan.

Ang gusto natin, magkaroon tayo ng panahon para mas magkaroon ng mas maraming ospital na magbibigay-lunas sa mga magkakasakit, magkaroon ng mga isolation units, magkaroon ng critical care capacity – iyong mga ICU beds at mga mechanical ventilators. Kaya nga po babalikan natin iyong susunod na graph natin, ito po iyong graph na pinakita natin, iyong mga panahon na ang usapin ay anong mangyayari matapos ng ECQ.

Kung titingnan ninyo po itong graph na ito, mayroon pong linya na broken, iyan po iyong ating tinatawag na health system capacity. Hindi po talaga siguro mapapabagal nang tuluyan ang sakit nang walang gamot pero ang importante iyong ating kakayahan magbigay ng medikal na serbisyo sa mga magkakasakit. Kaya nga po ang tinitingnan natin palagi, nasaan

tayo kung tayo ay nasa ilalim noong broken line, eh iyan po ang nais nating maatim, na mayroon tayong sapat na mga ospital, sapat na mga kama, sapat na mga ventilators kung tayo po ay magkakasakit.

Kaya nga po makikita ninyo dito sa graph na ito na noong nagkaroon po tayo ng Enhanced Community Quarantine, ang mga kaso bumaba at talaga naman pong kayang-kaya nating magbigay-lunas sa mga magkakasakit. Ang sabi natin, iyong pulang linya po, kung hindi magpapatuloy ang quarantine, tataas po ang kaso sa punto na hindi na natin kayang bigyan ng medikal na assistance ang ating mga kababayan.

So ang tanong: Nakamit ba natin iyong ating ninanais? Nagkaroon ba tayo ng sapat na mga facilities para bigyan ng lunas ang magkakasakit?

Tingnan po natin ngayon ang datos galing sa Department of Health kung nasaan na tayo. Pagdating po sa numero, totoo po, 35,455. Dito po sa numerong ito, ang mga gumaling ay 9,686; Ang mga namatay po ay 1,244.

Tingnan naman po natin iyong tinatawag na positivity rate, ito uli po iyong mga numero ng mga tao sa lahat po ng mga na-test na natin. Nagsimula po tayo, mataas po iyan, 13% sa lahat ng 100 na tini-test natin ay positibo sa COVID. Ngayon po makikita natin, bumaba na po tayo sa mahigit kumulang anim sa bawat 100.

Pero tingnan ninyo naman po na napakalaki na ng itinaas ng ating mga na-testing, 2,500 po na nagsimula tayo noon, ito po iyong mga daily rates, daily po ito 'no, daily test na ginagawa; dati 2,500 tayo noong Abril, ngayon po nasa 15,000 na tayo per day of tests – ang ating positivity, mga around 6%.

Ano pa po ang indicators? Well ito po, ilan ba ho ang namamatay? Tumataas po ang numero ng nagkakasakit, ang tanong: Tumataas din ba ang numero ng mga namamatay? Tingnan ninyo po itong graph na ito, malinaw naman po na consistent ang pagbaba ng mga taong namamatay bagama't tumataas ang kaso ng COVID-19. Tapos titingnan din po natin iyong critical care utilization, kasi ito po iyong linya na broken line na pinakita natin sa graph natin. Dapat iyong estimated na magkakasakit eh nasa ilalim ng linya ng critical care dahil ibig sabihin noon, basta nasa loob siya ng linya, puwede nating bigyan ng medical attention iyong mga magkakasakit.

Ang tatlong pinakamataas po ay ang CALABARZON, ito po iyong unang mayroong yellow line, sunod ang Western Visayas—Central Visayas, I stand corrected, Central Visayas po at ang pangatlo po ay Metro Manila. Tatlong kulay po iyan: iyong blue iyong mechanical ventilators; iyong orange, ICU beds; at saka iyong green, isolation beds. So makikita ninyo po na dito sa Central Visayas, malapit na po talaga doon sa high risk dahil papalapit na sila doon sa punto na red dotted line, meaning high risk.

Kaya ang solusyon po para sa Cebu, magpadala ng mas maraming doktor – at nagpadala na po ang Hukbong Sandatahan natin – mas maraming nurses, mas maraming ventilators. At magbibigay na rin po ng tents ang Philippine National Red Cross to augment iyong mga emergency facilities ng ating mga ospital diyan sa Cebu.

Kung ikukumpara ninyo po sa Central Visayas, mabuti pa po tayo dito sa Metro Manila dahil makikita ninyo na malayo pa tayo doon sa critical level or sa high risk pagdating po doon sa green na isolation facilities dahil nandito iyong karamihan ng We Heal as One Centers, iyong orange po iyong ICU capacity at iyong blue, mechanical ventilators. Ang pangatlo po Central Luzon, pero malayo pa rin po sila doon sa tinatawag nating high risk.

Now, ang sabi ng WHO tayo daw ang pinakamabilis na tumaas na kaso sa buong Western Pacific Region. Totoo ba ho ito? We beg to disagree. Siyempre po kung titingnan natin iyong pagtaas ng kaso, dapat iyan in relation to your population. Bakit tayo ikukumpara sa Singapore eh ang Singapore limang milyon lang po iyan. Isang siyudad lang po iyan, hindi pa siyudad ng Quezon City o Manila.

Pero kung idi-divide ninyo iyong kaso sa per million population, ito po ang lalabas – ang pinakamataas sa Western Pacific: India 549,197; followed by Pakistan 202,955; Bangladesh 137,787; Indonesia 54,010; Singapore 43,459; tapos po ang Pilipinas at 35,455. So kung idi-divide ninyo po ang kaso per million population, malinaw po, hindi po magsisinungaling ang datos – hindi po tayo ang pinakamabilis na dumami ng kaso sa Western Pacific Region. Hahayaan na po namin ang datos sumagot doon sa report ng WHO.

Mapunta naman po tayo sa ibang bagay, ang usaping Social Amelioration Program. Ang total families na na-serve na po ng ating Social Amelioration Program ay—ito po iyong second tranche ha, hindi po kasama ito sa first tranche, ito po iyong second tranche. Ang total number na nabigyan na natin ng ayuda na second tranche ay 1,345,102. Ang naibigay na po natin ay 6.79 billion.

Now, nagpupulong po ngayon ang IATF. Para malinaw po, ang naaprubahan po ngayong hapon pa lamang ay ang moratorium sa pagpapauwi ng locally stranded individuals sa mga lugar na ito – hindi po nationwide, ito na po iyong mga lugar na mayroong moratorium lamang: Ang buong Region VI, ang buong Cebu Island kasama na po ang Mactan, ang Region VIII at ang Caraga.

Uulitin ko po: Ang mga mayroong moratorium sa pag-uwi ng mga locally stranded individuals ay ang Region VI, ang Cebu Island, ang Mactan, ang Region VIII at ang Caraga.

Iyong nabalita po na isang bapor na papunta po ng Dumaguete at ng Zamboanga na naantala ang pag-alis dahil wala raw PCR results, maglalayag na po iyan. Hindi po ni ri-require ang PCR.

Ang ating protocol pa rin po ngayon: Health certificate, dito po kung manggagaling sa Manila; at pagdating po sa probinsiya, bigyan ng PCR kung mayroon, kung wala ay i-quarantine ng 14 days.

Now, itong mga rehiyon naman na ito kaya po nagkaroon ng moratorium kasi wala na po silang lugar para mag-quarantine lalung-lalo na po diyan sa Caraga; ang Cebu Island at Mactan, ECQ naman po kasi. At iyong Region VI at Region VIII, iyon nga po, kinakailangan nila nang mas maraming espasyo para po sa quarantine facilities.

Okay. Pagdating naman po sa usaping transportasyon, okay, ngayong araw po ay magkakaroon po tayo ng 980 UV Express sa Metro Manila. Itong UV Express po na ito ay magbibiyahe sa Metro Manila at mga karatig-probinsiya tulad ng Bulacan, Cavite, Rizal at Laguna; at sa apatnapu't pitong rutang walang tumatakbong modern jeepney or city buses. So it will augment po iyong ating transportation needs.

Makikita po natin sa infographics ang mga ruta, bilang ng available units pati na rin po ang pamasahe. Tingnan po natin ang infographics dahil maraming listahan iyan, napakadaming mga ruta po iyan.

Ayon po sa LTFRB, wala pa pong dagdag sa pamasahe o fare adjustment ang mga UV Express – susundin pa rin po ang dalawang piso bawat kilometro na pamasahe. Depende po sa rami ng pasahero, kung kukulangin ang operasyon ng 980 UV Express, sinabi ng LTFRB na maaari nilang payagan ang mas marami pang modern jeepneys at traditional jeepneys na roadworthy.

Liban sa MRT 3 at bus augmentation, nagkakaroon po tayo ng mga sumusunod na mini loops sa EDSA – buses to run on the curbside in the interim, iyon po iyong mini loops.

Mayroon po tayong mga mini loops sa Monumento to Quezon Avenue simula ngayon, Lunes, June 29; mayroon po tayo from PITX to Ayala simula ngayon, Lunes; mayroon po tayong Timog to Santolan simula sa Miyerkules, July 3. At tatlumpung bus units ang unang madi-dispatch mula Monumento hanggang Quezon Avenue at PITX hanggang Ayala mini loops. Wala pong dagdag pamasahe. Pero sa bus augmentation, mananatiling bente singko pesos ang pamasahe.

Tulad nang madalas ko pong sinasabi, sinusunod natin ang hierarchy of transport mode kasi nga kung hindi sapat ang mga bus at modern public utility vehicles, puwede nating payagan ang traditional jeepneys provided na roadworthy sila.

Alam naman natin sa Metro Manila lamang may LRT or MRT, sa iba wala. Kaya kung susundin ang hierarchy, diretso tayo sa bus at modern PUV. Maraming lugar na walang bus at walang modern PUV kaya sa mga lugar na iyan ay pinapayagan po ang traditional jeepneys. Sa Baguio, sa Bohol, ilan lang po ito na may traditional jeepneys na.

Okay, dito po nagtatapos ang ating presentasyon. Pero mayroon po tayong panauhin ngayon. Hindi ko po alam kung sino ang nasa linya na – si Sec. Galvez po ang ating Chief Implementer ay nasa ating linya; at mamaya po ay si Dr. Minguita Padilla ng Project ARK para po mag-ulat sa mga gawain ng pribadong sektor.

First, Secretary Galvez, Chief Implementer, the floor is yours.

SEC. GALVEZ: Yes, sir. Sa ngayon po ay nagbigay po tayo ng ulat sa ating IATF kung ano po ang kalagayan po ng ating nasyon. At sa ngayon po ay tinututukan po natin ang Cebu at ang ibang areas na nagkakaroon po ng spikes.

SEC. ROQUE: So si Secretary Galvez po will be available for your Q & A. Lahat po ng gusto ninyong itanong tungkol sa implementation ng ating ongoing quarantine, I'm sure he will be able to answer.

We also have on the line now, Dr. Minguita Padilla. Ma'am, any updates on Project ARK, which is the Rapid Test and PCR test project of the private sector.

DR. PADILLA: Magandang umaga, Secretary Roque and Secretary Galvez at sa mga nakikinig at mga nanunood.

Marami ho tayong updates sa private sector 'no. First of all—can I have the slides, please? Iyong slides lang 'no. So ang Project Ark ay lumaki nang lumaki. Ngayon, we have about 427 companies na member ng Project ARK.

Itong mga companies ay malalaking conglomerate hanggang sa maliliit na mga businesses 'no, mga beauty parlor, mga foundations – from the big to the small.

Can I have the next slide please? Okay, maybe ano—so, of the 1,120,000 kits na na-order ho, 999,400 ay para sa companies; 121,000 ay para sa mga LGUs na in-adopt ng mga companies.

Next slide please. Ngayon ho, kahit madami na hong mga test kits na nabili ng mga companies, hindi ho lahat ay nagti-test pa. Pero about 96 companies tapos na sa testing pero hindi pa po nag-a-upload. Sa mga nag-a-upload, mga 33,100 results pa lang ho pero wala pa silang … hindi pa namin masasabi sa inyo kung positive, negative – we will follow that through, pero hinihintay na namin mag-upload iyong mga companies. At some companies test more than once; many test every two weeks, every month, etc.

Next slide please. Ngayon, itong sa mga LGUs, we have already 40 cities and municipalities from 13 provinces at hindi lang po NCR, CALABARZON. Noon NCR, Calabarzon lang. Ngayon kasama na ho iyong mga … from Nueva Ecija, Pangasinan, Quezon, Ilocos, Tarlac, Pampanga, Nueva Ecija. Tapos bukas ho, we're meeting with the Cebu Chamber of Commerce because we want to work with them in order for the private sector to help.

Okay? So hindi lang ho Luzon pati po Cebu. So bukas ng hapon po iyon. And I think, Secretary Galvez will be with us tomorrow afternoon.

Now, iyong results ng LGUs, so far, 13 LGUs na nagbigay—can I have the next slide please 'no? Pati po iyong CBCP, iyong Catholic Bishops Conference of the Philippines is a member of Project ARK now. Kasi iyong mga pari ho natin, frontliners din sila eh. They go out, they communion to the sick, nagbibendisyon sila so kasama na sila sa frontliners. So iyong mga dioceses ng Metro Manila and CALABARZON, sinama na po namin sa Project ARK. So they're also very grateful 'no and we got donors for them.

Now, ito iyong maganda sa results namin, out of the LGUs, 13 have given their results. Mga 42,970 out of the 121,000. Ang maganda ho dito is that—and I'd like to say this 'no, our lockdown worked and all the other measures like wearing of masks, physical distancing. Because in all these LGUs that we have done so far in Metro Manila and even outside, 91% to 92% are negative.

Now, it's about a very small percentage is positive – mga six percent. It jives ho doon sa PCR ng DOH. Tapos iyong dalawang cities dito na out layers are Manila and Quezon City. But other than that, most of them are really mostly negative and asymptomatic. Kaya ho it's a good sign that whatever we did has worked.

Now, itong mga positive IgM-IgG especially iyong mga IgM, these are the people na hindi ho nahuli ng regular PCR kasi ho we are testing the symptomatics because nga it's priority. So these are the asymptomatics, iyong mga hindi pumupunta sa ospital kasi either halos wala silang sintomas parang sakit ng ulo lang, sipun-sipon lang pero may COVID na pala.

So the cities, the districts are very grateful na dahil dito sa ginawa naming parang search and destroy tactics ay nakita namin kung sino dapat ang i-isolate and we were able to prevent more infection.

So this is a very nice result. That means our protocol is sound, nagtutugma ho sila doon sa DOH PCR testing even as far as percentages are concerned. And it tells us of our incidents or prevalence is really low, it's not that high even in very crowded municipalities and districts of Metro Manila.

So I have to hand it to the LGU executives who handled this and they were really able to keep their numbers low despite all the problems we had in the beginning.

And then now, these are just some pictures 'no. This is mga picture ng mga LGU. Now, my second to the last slide is that, the Project ARK din ho is we donated PCR machines – automated systems to 11 hospitals, from Baguio to Zamboanga. Ten of them are government hospitals, isa ho ay private. Apat po nito ay operational na – Baguio Gen, Cebu, Molecular lab, JB Lingad at sa Zamboanga. Iyong iba naman ay nasa last part of the testing na lang po, iyong mga capacity testing etc., etc., training.

Itinayo po ng Project ARK ito, is because doon sa aming protocol, iyong mga nakakaalam, kung mag-test kayo ng IGM positive na walang IGG, symptomatic or not symptomatic or even those who are symptomatic kahit negative, we tried to send you for PCR swabs.
Kaya lang hindi pa kasama sa expanded testing iyong PCR na libre kung asymptomatic, at hindi ka frontliner. Kaya we are trying to make it more affordable for the LGUs and for the companies. Therefore, iyong aming package on Project ARK in this 11 hospitals is only P2,000, if you do not fall within the three. Okay, so we are trying to be able to bring it down.

And then now, our next project and I am very excited, we are very excited about this, this is full PCR testing. Because this is being done in Israel, in Germany and Israel has shared its protocol with Harvard, and maraming ospital sa Unites States to full testing. Very simple, sa Israel for example, 64 patients, sina-swab, iyong 64 swabs isang test lang ho, kung mag-positive, doon lang sila iisa-isahin. Kung mag-negative lahat, lahat ng 64 iyan tapos na negative.

So, you are able to do more tests for less money and for less people and for less resources. Ito po ang paraan kung bakit iyong Wuhan ay nakagawa ng 10 million tests in less than two weeks, because of full testing. It is being done, it was done sa HIV epidemic noon and it worked. And I because of that, naisip nila, gawin na natin ngayon and it is helping these countries and I am really hoping it will help us, because it is a game changer.

So, this is good for countries or areas na mababa lang ang incidents, ten percent or less and I think Philippines, at least Metro Manila for now, and maybe hopefully in the near future – Cebu – for surveillance. Surveillance kung ano ba ang nangyayari, could be every three months, kunwari you have a dormitory, a factory, some place where there are lot of people you can do this, so this is a game changer. And this is the latest project of Project ARK.

SEC. ROQUE: Thank you, Doc, but the media is saying we need more time for question and answer and please stay for question and answer. Pero bago po tayo magsimula sa question and answer.

Just in! Mga listahan ng lugar na mayroon na pong traditional jeepneys. Napakadami pa pala pong mga lugar, okay. Mayroon na rin pong traditional jeepneys sa Bulacan, sa Pampanga, sa Cagayan De Oro, sa South Cotabato, sa Caraga, sa Region X, sa Region XI , sa CAR, sa Region VI, sa Siquijor, sa Region VIII, sa Region XII, sa Region I at sinabi ko na po - Caraga, just in.

Okay, first question Joyce Balancio ABS-CBN. Please.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Puwede po sa inyo o kay Secretary Galvez. Ano po iyong progress na nakikita natin ngayon sa COVID-19 cases sa Cebu City after it was placed under ECQ for two weeks and with the pronouncement of the DILG Secretary Eduardo Año that it is now the new epicenter of the COVID transmission. Can we expect longer ECQ for Cebu City?

SEC. ROQUE: Sec. Galvez?

SEC. GALVEZ: So, nagkaroon po ng pagpupulong ang lahat po ng mga doctor at LGU sa Cebu at sa ngayon ay tuluy-tuloy po iyong report na tinatanggap namin. Ang nakikita lang po namin ay tumataas po iyong tinatawag nating mga severe at saka mga critical cases. I fact, pati iyong rate of death tumataas na rin. But we expect, itong surge ng picking up of new cases will look into na magkakaroon ng mga first, siguro mga two weeks or three weeks. Kasi parang nakita namin iyong experience ng Cebu, iyong experience natin dito sa NCR noong March 24 at saka April 13. Kasi po nakita ko po talaga na noong panahong iyon talagang nagkakaroon po ng tinatawag na surge of cases.

Sa Vicente Sotto mayroon po silang presentation, out of 122 deaths, ang nakita nila is very critical sa information nila is less than 48 hours ang namamatay ay 86. Meaning iyong severe cases nila, hindi nila nadi-detect kaagad. Kaya nga tama iyong sabi ni Dra. Padilla na dapat talaga iyong early testing at saka detection is very important, dahil kasi once na hindi natin na-detect at hindi natin na-treat at hindi natin na-trace iyong tinatawag nating mga causes ay may possibility na karamihan po ng mga pasyente kapag pumunta po sa ospital ay dead on arrival na at saka severe na ang cases.

So, iyon po ang report sa amin ng mga doctor when we went there. I went there three times and I will be back again sa Wednesday. Si General Cimatu nandoon po and I believed ngayon po, maganda po kasi lahat ng Barangay Captains tinanggal muna nila iyong mga pulitika, may alliance na sila. So ang ginagawa po nila ngayon is talagang they are working together with our task force there and IATF Overseer, General Cimatu, to really solve the problem of the COVID-19 pandemic. So iyong experience po nila ngayon, experience po natin noong March 24 up to April 13, iyong surge.

JOYCE BALANCIO/DZMM: So, Secretary Galvez, based on these data and report sa inyo, mayroon kayong recommendation for extension of ECQ for Cebu City, is that what are you saying, Secretary?

SEC. GALVEZ: Ang nakikita namin, we don't want to pre-empt iyong pronouncement ni Presidente, nakikita namin talaga kailangan pa ng stringent restrictions. Kasi na-find out namin na noong nag-ECQ sila, hindi ito properly implemented. That is why General Año was prompted to deploy more SAF forces there in Cebu City. Sa ngayon maganda iyong alignment ng Armed Forces of the Philippines, LGU at saka iyong PNP under Regional Director Ferro.

So, ngayon talaga binabantayan natin, more than 19 barangays ang binabantayan natin sa strict lockdown and talagang gumagamit pa tayo ng drone at saka helicopters para at least ma-supervise nating mabuti iyong implementation ng mga restrictions. And immediately tinanggal kaagad ng PNP iyong more than 200,000 na quarantine passes. So, iyong mission essential lang at saka iyong authorized or iyong APOR lang ang puwedeng lumabas.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Kay Secretary Roque po, may question po ako. Si Vice President Robredo po is telling the Palace not to be onion skinned, especially when she points out lapses or criticisms against the government's response against COVID-19. Hindi raw po ito pamumulitika on her part and she admitted na tinitingnan po niya itong COVID-19 response ng gobyerno as a glass half empty and it's her office trying to fill in the gap, iyong pagkukulang daw po ng gobyerno. Ano po ang masasabi natin dito, Secretary?

SEC. ROQUE: Sinagot ko na po iyan kung ano po ang nais niyang malaman, itanong lang po niya, pero hindi po pupuwede na nakukulangan siya na hindi naman namin alam kung paano siya sasagutin. So, just tell us ano ang gusto niyang i-clarify, we will answer po. Pero malinaw po sa aking naging presentasyon ngayon, kung hindi po gumalaw ng tama ang gobyerno, we would have had 3 million cases no less of COVID-19. So we rest our case on that po.

USEC. IGNACIO: Okay from Bella Cariaso of Bandera. Follow up sa WHO data. Are you still confident that the government is winning the fight against COVID?

SEC. ROQUE: Well, ipapakita ko po ulit iyong data na pinakita namin kanina, iyong number of cases over one million – hindi po tayo ang fastest country in Western pacific. We are 1, 2, 3, 4, 5 – 6th in the region, in the Western Pacific Region, if you are going to divide the number of cases on a per million population basis. So, of course dahil sa findings na ito we are very confident that we have done the correct steps at, again, I am saying we are not perfect, but I think we did the best that we can do under the circumstance.

USEC. IGNACIO: Mula pa rin kay Bella Cariaso: COVID cases in many areas in the country have increased after they have placed under MGCQ and a number of LGUs daw po have already announced their intention to return to either GCQ or ECQ. Ano daw po ang Palace reaction?

SEC. ROQUE: Alam ninyo po, itong ating response sa COVID-19 it is LGU-led but national government enabled and people-centered. So kung magre-request po ng ganiyan ang ating mga local government units iyan naman po ay pakikinggan ng IATF at ng ating Presidente.

USEC. IGNACIO: Huling tanong ni Bella Cariaso: Reaction daw po sa viral video on mass gathering sa CCP kahapon kung saan walang face mask ang ilan at nagkumpulan ang mga tao. Bakit pinayagan ito at hindi rin ba maikukumpara sa mga eksena sa mga beach sa ibang bansa?

SEC. ROQUE: Well, sinabi po ng PNP leadership na iyong kanilang Southern Police District po ay tinitingnan na itong issue na ito at titingnan po nila kung mayroong dapat mapanagot dito 'no.

Pero gaya ng nakasulat po dito sa aking entablado po ngayon, ang solusyon po ng COVID-19 nasa atin - iyong paghuhugas ng kamay, iyong social distancing at pagsusuot ng mask.

Iyong nangyari po sa CPP—sa Cultural Center, sorry po… Cultural Center, wala pong social distancing. Eh, kung gusto ninyo pong mabuhay nang mas matagal, iyan lang po ang tanging pamamaraan para mapabagal ang pagkalat ng sakit.

Thank you, USec. Joseph Morong of GMA?

JOSEPH MORONG/GMA 7: Good morning, sir. Hi!

SEC. ROQUE: Yes, sir.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Sir, doon muna tayo sa data mo. You mentioned … you showed the data in reaction to the statement of the WHO that the Philippines has the fastest number of rising cases in the Western Pacific Region. But I think somebody pointed it out on Twitter to me, iyong binasa ninyo po na data is Asia, so that we should exclude - given you presentation - wala doon dapat iyong India, Pakistan, Bangladesh and Indonesia. So, probably not number one but probably excluding all these countries na wala sa Western Pacific Region based on your data, maybe number two?

SEC. ROQUE: Well, I'm not going to go nitpicking on this but as far as I know, India, Pakistan and Bangladesh are still Asian countries.

JOSEPH MORONG/GMA 7: But the statement is Western Pacific. So do you think those two data are relevant?

SEC. ROQUE: Well, Joseph, if you look at the WHO, I think—we checked this and in the data of the WHO, they are classified as Western Pacific countries.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Later na lang, sir but I'm on the website of the WHO but whatever sir.

UP study, okay? Ipinadala sa amin iyong study ng UP showing—and this is a question for you and for Sec. Galvez. Sabi nila, of the trend continues R0 of 1.28 we can have 60,000 cases in the Philippines by July 31st and 1,300 deaths. NCR alone could have 27,000 cases. Question: Are we using this data of UP in determining the next community quarantine after June 30?

SEC. ROQUE: Well, Joseph, ako muna ano. Ang R0 po natin is hovering around 1. So, UP's data is different from the data that we actually have.

That's not the graph.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Okay.

SEC. ROQUE: But our R0 is hovering around 1.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Okay.

SEC. ROQUE: So, I don't know if Sec. Galvez would like to add but I'd like to point out that the figures that we reported as of today of around 35,000 is lower than the UP prediction of 40,000; at hinihimok ko po ang ating mga kababayan noong isang linggo, hinimok ko po kayo na let's prove the UP data wrong and we did because 40 ang sabi nila, 35 tayo.

Abangan po natin kung anong magiging projection nila for the end of this next two weeks and again hinihimok ko kayo, let's prove the UP data wrong, let's have lesser cases of COVID-19. How? Ito po, nakasulat na po dito sa harapan para hindi ko na uulitin.

Sec. Galvez?

JOSEPH MORONG/GMA 7: Kay Sec. Galvez, please, same question.
SEC. GALVEZ: Actually, iyong sa UP data, marami po kaming consultant po dito na taga-UP. Narito si Dr. Ted Herbosa at saka sina Dr. Saniel, one of the best epidemiologists that we have.

Ang ginagawa po natin, talagang binabasa po rin po natin talaga iyong mga data ng UP at saka ibang mga studies, iyong ibinibigay sa amin ni dating Sec. Sarmiento. Lahat ng mga data at saka mga pag-aaral na puwedeng makatulong sa paggawa ng aming mga plano, ng araw-araw na plano ay tinitingnan po namin.

And then iyong mga predictions po na ngayon, 40,000, talagang we want to beat iyong ganoon na prediction so that we can minimize iyong death. Kaya nga po ang laging batayan ng amin pong plano ay iyong guidance po ni Presidente na we have to save lives and minimize death.

Eh nakikita natin po iyong cases po ng ating pag-spike ay marami pong tinatawag na unseen variables. Unang-una, sa OFW po, hindi po natin nakita talaga ng contraction ang economy, so iyong ating OFWs more than thousand… hundred thousands of them will be coming back in our country at the same time, based noong nagkaroon tayo ng lockdown, more than 127 LSIs ang nagkaroon ng tinatawag natin na—na-stranded locally and iyon po ang isa sa mga reason na nagkaroon po ng spike ang ating mga other areas.

Iyong mga galing po sa Cebu na napunta po sa Region VI at saka Region VIII, iyon po ang nakita natin na isa sa mga nagkaroon pong spike.

Dito sa Metro Manila, nakikita po natin na gumaganda po iyong ating condition. Tumataas po kasi iyong ating testing capacity na 13,000 na tayo every day and even reach 15,000, kung mayroon po tayong tinatawag na positivity rate na 7 to 6, imagine kung magkakaroon po tayo ng ten thousand tests per day automatic kaagad po 700 po kaagad iyong ating new cases.

Sa average po natin ngayon ay tinataya po natin na 622 po ang average natin - new cases from June 1 to 28 meaning, kung titingnan pa natin mas mababa pa iyon sa positivity natin meaning it it's a good sign na iyong ating positivity is only 6.2%

JOSEPH MORONG/GMA 7: Sir, Sec. Galvez, with that kind of prediction po ba—?

SEC. ROQUE: Okay. Ang prediction ng UP by end of July is 60,000 na cases, let's beat that po, let's beat that.
JOSEPH MORONG/GMA 7: —sir?

SEC. ROQUE: Yes, Joseph.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Kay Sec. Galvez, I'd like to stay with him first. Sir, iyong kung ganiyang prediction ng UP and then you're showing a 622 cases na average per day, do you think sir Metro Manila needs a stricter community quarantine, stricter than GCQ?

SEC. GALVEZ: Nakita po natin na iyong kahit na nasa GCQ tayo, I was very impressed na iyong ginagawa po ng ating mga mayors, seventeen mayors, they are collectively looking really iyong mga stricter measures even iyong pagka-opening ng ating mga businesses.

Sa nakikita ko ngayon na… iyong ginagawa nila even though GCQ ang ano na po natin pero tingnan natin iyong sa ibang lugar. Noong nagpunta ako sa Cebu I was very impressed that the implementations of Metro Manila is much much stricter of what we have seen in Cebu.

JOSEPH MORONG/GMA 7: So, meaning the answer is we can stay in GCQ and then that will not lead to an increase in cases?

SEC. GALVEZ: I don't want to preempt the announcement of the President tomorrow.

SEC. ROQUE: Thank you, Joseph.

USec. Rocky?

JOSEPH MORONG/GMA 7: Okay. Thank you, sir!

USEC. IGNACIO: From Kris Jose of Remate/Remate Online. Patuloy po ang pagdami ng mga tumututol na palitan o baguhin ang pangalan ng NAIA at gawing Paliparang Pandaigdig ng Pilipinas. Sinasabing wala pa sa panahon lalo pa't nagdaranas ang bansa ng pandemya dahil sa COVID-19 kung saan maraming nagsarang establishment at nawalan ng trabaho; bagsak ang ekonomiya at walang makapagsabi kung aabutin ng ilang taon bago makabangon. Tama po ba na palitan o baguhin ang pangalan ng NAIA ngayong panahon?

SEC. ROQUE: Iniiwan po namin iyan sa Kongreso dahil kinakailangan po ng batas kung kinakailangang baguhin ang pangalan ng NAIA.

Next question, please.
USEC. IGNACIO: From Jopel Pelenio of DWIZ: Paano po malalaman ng isang SAP beneficiary na nakapasa po sila sa kanilang online registration? Hanggang ngayon po kasi marami po sa kanila na hindi pa rin daw po nakakatanggap ng message o response mula po sa reliefagad.ph ng DSWD.

SEC. ROQUE: Hintayin ninyo po iyong password na ipadadala sa inyo ng DSWD, gamitin ninyo po ang password para malaman ninyo kung naipasok na sa inyong account ang second tranche ng ayuda.

Maricel Halili, TV5?

MARICEL HALILI/TV5: Hi, sir! Magandang hapon po! Sir, follow-up lang doon sa question ni Joyce earlier. Iyong sinasabi po ni Sec. Año na Cebu being the new epicenter. Is this the stand of the government now that Cebu is the new epicenter of COVID given the reasons provided by Sec. Galvez earlier?

SEC. ROQUE: Sec. Galvez, would you like to answer that as Chief Implementer?

SEC. GALVEZ: Kung makikita po natin ang Cebu, na-surpass niya iyong tinatawag nating level ng active cases ng different—iyong fifteen na tinatawag nating heavily urbanized cities, siya po ang pinakamataas ngayon, ang Cebu City. And then in case of death, siya rin po ang pinakamataas po sa ngayon.

At ang nakikita po natin na iyong kaniyang severe at saka iyong critical cases are very much… talagang alarming. And then iyong sa critical care, ibig sabihing critical care, iyong lahat ng mga ospital, most hospital na malalaking hospital doon sa Cebu ay halos napupuno po.

Ang medyo disadvantage po ng Cebu is that, sa Metro Manila mayroon po tayong more than 46 level 3 hospitals, dito po sa Cebu, pito lang po ang ating level 3. Meaning talagang mao-overwhelm iyon dahil kasi ang Cebu po, lahat po ng mga cases including non-COVID cases 1, 500 na tinatawag nating dialysis ay talagang pumupunta po sa Cebu City. That's the, tinatawag nating geographical challenge of Cebu City.

So sa ngayon tama po iyong sinasabi ni Gen. Año na ang pinaka-main focal point po natin ngayon sa COVID-19 is really Cebu considering that the parameters at the thresholds – new cases are really increasing, even surpassing the whole NCR; and then also iyong case of death mataas din po; and then iyong tinatawag po nating recoveries ay hindi po ganoon ka—malakas din po iyong recovery nila but considering that kanilang level 3 hospitals are

very limited, iyong apat na mga serving na hospitals and also the Vicente Sotto. Iyon po ang nakikita po natin na isang disadvantage po ng Cebu City.

MARICEL HALILI/TV5: Thank you, sir. For Secretary Roque po. Sir, you mentioned earlier your position on the WHO statement, but still we cannot deny the fact that the cases of COVID have increased for the past 2 weeks and considering din po iyong UP study na sinasabi nila na every time na nagre-relax tayo ng quarantine, nagdo-double pa lalo iyong daily number—iyong cases of—or number of COVID cases natin daily.

So shouldn't we be more conservative in opening the economy like what other senators are saying because some of their concern is that we have drastically opened the economy and this is one of the reasons kung bakit nag-shoot up iyong number of cases? And even Senator Pangilinan, sinasabi niya following the statement of WHO, that this is embarrassing not only to the world but for the Filipino people. Is there a reason for the government to be embarrassed?

SEC. ROQUE: Wala po, kasi nakita naman natin na kung titingnan natin iyong density of cases, eh hindi po tayo number one sa Western Pacific Region 'no. Doon sa tanong mo, should we be more conservative? Well, palagi po nating binabalanse iyong kalusugan sa karapatan na magkaroon naman ng hanapbuhay. Ang tinitingnan po natin – case doubling rate, critical care capacity – alam po natin na kung hindi natin mapigil iyong pagdami ng numero, siguraduhin lang natin na mayroon tayong sapat na kakayahan para bigyan ng assistance iyong mga magkakasakit lalo na iyong magiging kritikal.
So, again to reiterate, nothing to be ashamed of: in terms of density we are not number one in Western Pacific. Pero sa akin hindi naman po ito contest 'no at ibabalik ko po iyan sa projection ng UP. Kung hindi po natin ginawa ang lahat ng hakbang na ginawa natin, sobra pa po sa 3 million ang COVID cases natin ngayon.

MARICEL HALILI/TV5: Sir, panghuli na lang po, iyon pong protocol natin doon sa Locally Stranded Individuals. Paano po iyong magiging sistema uli sa kanila, are they required to undergo PCR test particularly iyong stranded po ngayon doon sa north port?

SEC. ROQUE: Well, unang-una wala na pong stranded doon 'no, sila po ay makakalayag na 'no but Secretary Galvez can discuss the protocol. Sec. Galvez?

SEC. GALVEZ: Iyong sa Zamboanga, actually po na-approve na po namin iyon kahapon. Hindi nga lang po namin alam kung bakit nagkakaroon ng issue kaya nag-usap na po kami ni Mrs. Sarita Hernandez, iyong coordinator ng Zamboanga City. So we have approved that since yesterday at wala po tayong nire-require na PCR test. And then iyong protocol po ng LSI, dahil po nag-iikot po kami sa iba-ibang mga regions, nakita po namin iyong concerns ng ating mga LGUs dahil kasi po mayroon po talagang mga nag-positive sa mga LSIs na dumating po sa kanila. Isa po iyan sa issue.

Second is iyong na-overwhelm po sila in terms iyong quarantine facility nila dahil po araw-araw may dumadating po tayo na more or less 2,400 na OFW, iyong kanilang facility po talagang napupuno kasi hindi lang po LSI ang tinitingnan po natin, tinitingnan din po natin iyong overflowing na in-bound passengers ng OFW at saka seafarers. So iyon po ang nakita po natin kaya po ang ano po namin sa protocol, we will submit our protocol this coming Thursday. Kasama po sa mga consideration doon is possibly iko-conduct na po natin ang PCR test doon po sa receiving end ng LGU.

Iyong mga LGU po na walang capability, ang national po ang magko-conduct po ng PCR, and then iko-consider din po natin na, gagawin po natin ay ita-time po natin kasi ang ating quarantine procedures 14 days and normally kapag napuno po iyong quarantine facility, 14 days po magkakaroon ng tinatawag na magluluwag, madi-decongest. So ang gagawin po natin is possibly unang-una, talagang sisinuhin po natin—strict identification po talaga po kung sino ang LSI, kasi po marami pong nagti-take advantage.

Sa ngayon po 127,000 na po ang nakalista na po sa atin at iyon po ang gagawin po natin, talagang i-screen natin at iki-cleanse po natin iyong rooster ng LSI; second is iyong protocol ng testing; third is iyong tinatawag natin iyong timing kung kailan at saka kung anong procedure natin na ang gagamitin natin ba ay by air, by land at saka iyong by sea.

MARICEL HALILI/TV5: Thank you, sir.

SEC. ROQUE: Thank you. Usec. Rocky?

USEC. IGNACIO: Secretary, from Rose Novenario of Hataw: Ano daw po ang reaksiyon ng Palasyo sa umuusad na online petition na humihiling na palitan ni Pangulong Rodrigo Duterte si Mike Diño bilang Presidential Assistant for the Visayas dahil sa umano ay sa pag-aabuso sa kapangyarihan at pagkakasangkot umano sa iregularidad sa may isang bilyong pisong pondo ng Cebu City kontra COVID-19? Kasama po ba sa misyon ni Secretary Cimatu sa Cebu ang busisiin ang umano ay mga anomalya kaugnay sa kampanya laban sa COVID-19?

SEC. ROQUE: Well, isantabi muna po natin ang pulitika 'no. Iyong online petition, hayaan po natin ang mga gumagawa niyan, hindi po natin mapipigilan iyan. Pero as to the issue of resignation, we all serve at the pleasure of the President po, kapag nawalan ng tiwala ang Presidente, goodbye Cabinet member. Pero sa ngayon po, nandiyan pa rin po si Secretary Diño, so may tiwala pa rin po ang Presidente kay Secretary Diño.

Thank you. Triciah Terada of CNN Philippines, please.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Hi! Good afternoon po, Secretaries. Secretary Galvez or Secretary Roque may answer this question. Three months after po na we were badly hit by coronavirus, how will we describe the situation that we are in now? Are we winning our fight versus COVID-19?

SEC. ROQUE: Well, I think I answered that through … in my presentation 'no. In terms of positivity rate, in terms of case doubling rate, in case of mortality rate - we are winning po. As in fact, we defied what was predicted by the UP study 'no. We have limited the cases to 35,000 instead of what could have been at least 3 million cases. But Secretary Galvez can add to what I just said.

SEC. GALVEZ: Mula po nagsimula po iyong fight natin sa COVID-19, gumawa po tayo ng plano. Sasagutin ko rin po iyong sinasabi po ni Vice President na mas ano tayo po, prepared po tayo kasi mayroon po tayong plano na National Action Plan. Sa ngayon po tinitingnan po natin, nire-review po natin ngayon ang National Action Plan kasi nag-change na po ang ating situation. Sabihin natin na we are gaining, tingnan natin iyong ano—sa ngayon po, kokonti na lang po ang nasa ECQ. Ang ECQ po tinatawag nating restrictions sa ating mga lugar na sakop na nakita natin na mayroong surge.

So sa ngayon po, Cebu City na lang po ang ECQ. Karamihan po dito ay naka-MGCQ. Meaning, from acceleration, lahat po ay nag-decelerate na po. So karamihan po ngayon na mga lugar natin ay nalalagay na po sa moderate at saka low risk. Ang high risk na lang po ay ang Region III, Region IV, NCR at saka iyong buong Region VII, at tinitingnan din po natin iyong Region VIII.

So sa akin, ang nakikita ko po, based po doon sa plano po na ginawa po namin, ginawa po ng ating National Task Force, ay we are winning in terms of the three thresholds: One, iyong new cases tinitingnan natin. Sinabi ko na nga po na 622 po ang average. Kung titingnan po natin sa positivity, kung 13,000 o 15,000 ang nati-test natin every day, mababa po sa six percent po iyan. Meaning, sa threshold po ng ano, ang threshold po ng WHO, baka bumaba po ang ating ano sa more or less seven percent or eight percent or ten percent. Ibig sabihin, gumaganda po iyong situation natin.

Secondly, iyong atin pong sa NCR, sa ngayon po ay 30% lang po iyong ano natin, 30% lang po iyong ating tinatawag na critical utilization. And then nakita po namin, magagaling po ang ating mga doktor. Ngayon alam na po natin kung paano natin gamutin. Gumagamit tayo ng plasma, gumagamit tayo ng tinatawag nating [unclear] para maiiwasan iyong intubation at marunong na po tayo kung paano mag-address iyong treatment lalo na sa PGH, dito sa Lung Center. Medyo natuto na po tayo after that three-month experience.

So iyon po ang nakikita po namin na napakaganda po ng mga indicators. Sinasabi ko nga po, una, bumaba po, almost single digit ang death; second, ang recovery po natin ay na-more than 250 or nakita natin na may mga under reported na recoveries pa tayo. I believe ang ating recoveries is more or less 40 to 50%, hindi lang natin declared because of ang dini-declare po natin sa recovery ay iyon lang na-admit.

And then third, iyong new cases, iyong positivity natin ay mababa, at the same time, tumaas na po ang level ng testing capacity natin ngayon. Iyon po ang mari-report ko ngayon, at iisa na lang po ang ECQ at karamihan po ay nasa low risk na po tayong lahat.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, if we zoom in to some specific areas, for example, Metro Manila, now we're already one month into GCQ, naging effective po ba, naging maganda po ba iyong pag-i-implement natin ng GCQ dito sa Metro Manila? And at the same time, sir, doon naman po sa in-identify ng DOH as emerging hotspots, kumusta na po sila at naaagapan po ba natin iyong cases for example, aside from Cebu City, Cebu Province, Ormoc City, Leyte, Southern Leyte and Samar?

SEC. GALVEZ: Iyon po ang ano po natin, sa NCR nakita natin, maganda po iyong implementation kasi nakita natin iyong mga local government units, even naglo-localize lockdown sila. Ang ginagawa po ng ating mga mayors dito sa NCR, kapag alam po nila na talagang nagba-violate iyong kanilang mga barangay at saka mga district, they conducted three days to five days hard lockdown. So iyong tinatawag nating localized zoning, mga tinatawag na critical areas at saka iyong mga containment areas.

So maganda po iyong implementation not only sa NCR but also in the other areas. Ang maganda po doon is kapag po nag-declare kami ng GCQ, ang ibang areas gusto nila ECQ ang ano nila, declaration. Meaning, iyong ating mga LGUs, redundant po ang kanilang restriction procedures kaya nga po iyong mga LSI ay nahuhuli po nila na positive dahil kasi po mayroon silang redundant protocols na hindi sila pumapayag kahit na PCR na po dito ay ginagawa po, nagpi-PCR pa rin sila doon at kina-quarantine po nila ng 14 days.

So iyon po ang nakita namin na iyong—I would like to congratulate all the LGUs dahil talaga po they heed to the call of the President na they should lead to this fights because they are the generals in the battlefront. So iyon po ang nakita ko po na we are implementing the restrictions properly po, especially po dito sa NCR, dito po sa Region III at saka sa Region IV. And even doon sa CAR, dito kay General Magalong, nakita po natin napakaganda po ng mga implementation nila.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: So, sir, kumbaga iyong sa situation po natin, it [garbled] ideal or it's okay to continue GCQ from your (unclear) in Metro Manila?

SEC. GALVEZ: Nakita ko pa nga, iyong ibang naka-GCQ puwede pa ngang mag-MGCQ po. Pero nakita natin iyong recommendation ng mga LGU na i-maintain pa rin nila iyong restrictions. At iyong opening naman po, in fairness, naman po sa ating mga taga-trade at saka sa business, mataas din po ang level ng awareness ng mga business sector.

Ako po, umiikot po ako sa lahat ng mga malls, nakikita ko talagang they are more than willing to oblige sa mga protocols and even provided a higher restrictions in order to really open the economy.

Ang nakita po natin ngayon is really … mahirap po ang kalagayan natin, we have to balance iyong life and also the economy. The economy has already been contracted or negative .2.

So we need to revive our economy by opening up some restrictions but without jeopardizing the health protocols that we have.

So iyon po ang ginagawa nating balancing act. Sa ngayon po ay nakikita natin, may mga areas, especially iyong mga Zamboanga City at saka iyong area ng Davao City, nakikita natin napakaganda po ng mga implementations na even though they are ano, low risk sila, gusto pa rin nila po iyong restrictions na GCQ pa rin po sila.

SEC. ROQUE: Thank you, Trish. Usec. Rocky, but let's omit all questions on what will be the classification for Metro Manila because we don't want to preempt the President. So please, next question please because the time is one o' clock – mawawala na po tayo sa ere.

USEC. IGNACIO: From Francis Wakefield ng Daily Tribune. Nasagot ninyo na iyong tanong ni … katulad ng tanong ni Joyce and ni Triciah. Iyong second question niya, may we get daw po Palace's reaction sa pag-neutralize sa apat na terorista sa Parañaque City last week. It appears na nagbabalak pa lang silang gumawa ng terrorist attack. The DND said, strengthened blow against terror is needed to further capacitate the country in the fight against terrorism and violent extremism.

SEC. ROQUE: We commend po our law enforcement agencies for their very good intel work that prevented yet another terrorist attack. Gaya po ng sinasabi namin, ang terorista po talaga ay you can never predict when they will strike; but when they do, we need to be ready for them.

MELO ACUÑA: Good afternoon, Secretaries. Good afternoon. It's a pleasure to be part of your press briefing. Would you care to tell us your latest information about the incident off Mindoro? This is the concern of [garbled] correspondent [garbled]. Tell us about the latest event?

SEC. ROQUE: Well, the latest is, this is a matter to be governed by Philippine law. This is an issue of Philippine Admiralty Law because the collision occurred in Philippine territorial waters. There is no international law application here other than foreign flagships can sail through under the concept of innocent passage. But as far as the accountability is concerned, mga Pilipino po ang magdidesisyon diyan dahil ang banggaan po ay nangyari po sa ating karagatan.

MELO ACUÑA: Do you see any implications with the Philippines … ASEAN-Philippines-China relations because of this incident?

SEC. ROQUE: Wala po, banggaan iyan sa ating karagatan so iriresolba po iyan sang-ayon po sa batas ng Admiralty na tinatawag natin.

Alam ninyo po, ang rules ng banggaan sa karagatan, parehong-pareho rin po iyan ng rules na ina-apply kapag may banggaan sa kalye. So wala naman pong malaking implikasyon iyan. Banggaan lang po iyan.

MELO ACUÑA: For Secretary Galvez, may report from my source in Malaysia that first 40 deportees will be leaving Malaysia tomorrow. Are we prepared to welcome the 5,300 Filipinos stranded in Sabah, Secretary?

SEC. GALVEZ: Sir, well-prepared po tayo. Actually, two weeks na po tayong nagpi-prepare at saka pumunta po ako doon sa last week. Bale po ang gagawin po natin ay per sortie po ay 400, and then interval of 15 days kasi para hindi magkaroon ng tinatawag natin ma-overwhelm ang ating Zamboanga City. And we are thankful that Zamboanga City volunteered na doon ma-process po iyong ano natin.

Nagbigay po tayo ng pondo para po lahat po ng mga tinatawag nating returning Filipinos from Sabah ay magkaroon po ng testing prior to their departure. And nandoon po iyong ating BOQ team at saka iyong DFA at ang ating mga agencies na nagsu-supervise po sa pagku-conduct po ng PCR testing.

Ang na-process na po mga more than 1,500 na po ang na-process at iyon po ay tuluy-tuloy po. Ang gagawin po natin, dadaong po muna po iyon, iyong first sortie dadaong po sa Tawi-Tawi para i-disembark po iyong mga taga-Tawi-Tawi. And then they will go to Zamboanga for further testing. Kasi titingnan po natin, ite-test po natin ulit sila sa PCR, so that titingnan natin kung iyong protocol po ng Malaysia at saka iyong protocol po natin ay pareho po.

USEC. IGNACIO: From Sam Medenilla of Business Mirror: Nag-isyu po ng statement ang Philippine International Trading Corporation na hindi na po sila magi-import ng 300,000 sacks of rice. Kung naaprubahan na or nakapag-decide na daw po si President Duterte sa request ng Department of Agriculture at PITC for the rice importation?

SEC. ROQUE: Well, wala na pong rice importation na mangyayari, sapat po ang ating supply ng bigas.

USEC. IGNACIO: Mula pa rin kay Sam Medenilla: How will the decision of PITC affect the country's rice supply? Sufficient po ba ang current rice supply sa bansa o may existing rice shortage po ngayon na nao-observe ng government?

SEC. ROQUE: Sapat po ang ating supply ng bigas, kaya po hindi na tinuloy ang pag-aangkat.

USEC. IGNACIO: From Jayson Gutierrez, New York Times: May we ask for a statement regarding the sinking of a Filipino fishing boat by a Chinese registered vessel?

SEC. ROQUE: **S**inagot ko na po, that's an issue that will be resolved under Philippine Admiralty Laws

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Sir, when do we expect the President to announce new community quarantine guidelines, mamayang gabi na po ba, sir?

SEC. ROQUE: I will let you know, but if I am not mistaken, it will be tomorrow.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Kay Secretary Galvez, sir. Sir, considering that the stand of the national government is that we are winning against COVID-19, do we expect the IATF to return anytime soon iyong new normal classification, at least, in areas na kung saan mababa po iyong risk for COVID-19, sir?

SEC. GALVEZ: Sa ngayon po ang inaano po natin is kailangan po muna ng tinatawag nating may quarantine control. Kasi ang sinasabi nga ng ating mahal na Presidente, dahan-dahan, unti-unti at hinay-hinay. Kasi po, kapag once na nagkaroon po ng tinatawag ng classification na new normal, there is a possibility na magkaroon ng tinatawag nating magkakaroon po ng tinatawag na—mawawala po iyong vigilance ng mga neighboring/adjacent provinces. So sa ngayon po ang napagdesisyunan po na iyong tinatawag nating threshold sa tinatawag nating timeline ay talagang hanggang MGCQ. And we are proposing na lahat magsama-sama muna doon para sama-sama rin po tayo papunta sa new normal.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Sir, speaking of timeline, hanggang kailan po mananatili sa community quarantine ang Pilipinas, sir? At least doon sa mga lugar na mababa po iyong risk for COVID-19?

SEC. GALVEZ: Sa ngayon po nagkakaroon po tayo ng assessment at marami po tayong mga planning team na naga-assess ngayon kasama po iyong UP at saka iyong ating DOH analytics. At magpe-present po kami this coming Thursday, iyong tinatawag po naming phase 2, kasi tapos na po iyong phase 1 natin from January to June. So, we are now preparing for July, September and October and going to December. So, sa ngayon po ang ano po natin is titingnan po natin kung ano po iyong mga phasing, kung magkakaroon tayo ng changes sa ating tinatawag na timelines ay aayusin po natin iyon. So we cannot discuss it now, considering that the assessment is ongoing.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Sir, last question lang po kay Secretary Roque. Sir, iyong sa timeline po doon sa traditional jeepney sa Metro Manila. You have always said na kailangan natin sundan iyong hierarchy ng public transportation. So, kailan po malalaman ng mga jeepney drivers if iyong existing public transportation are already sufficient to service commuters, pati po iyong determination kung ano po iyong roadworthy na jeeps?

SEC. ROQUE: Well, binasa ko po kanina iyong mga areas na mayroon nang pinayagang mga jeepneys: Region X, Region II, CAR, Region VI, Siquijor, Region VIII, Region XII, Region I, Caraga among others. So, iyong mga lugar na kulang talaga ang transportasyon, pinayagan na sila. Pero if you are referring to Metro Manila, let' wait for LTFRB to make the decision.

USEC. IGNACIO: Question from Genalyn Kabiling of Manila Bulletin: May we know the government's position on the reported exodus of POGOs amid China's intensified crackdown noong cross border gambling?

SEC. ROQUE: Well, malinaw po ang posisyon natin, if they want to stay, they have to pay the right taxes. They have to follow iyong rules and regulations, health guidelines na set by the IATF.

USEC. IGNACIO: Mula pa rin kay Genalyn: Will the government relax the tax requirements on POGOs or move to prohibit their operations instead?

SEC. ROQUE: Well, we need them, because we need the revenues but unless they pay up - goodbye.

USEC. IGNACIO: Kay Virgil naman po, nasagot na rin po ninyo. Iyong kay Luis Erespe na lang po, follow up ito doon sa kaninang sinabi ninyo na may moratorium sa LSI sa pagpapauwi. Hanggang kailan daw po iyong suspension ng travel para sa mga LSIs sa requirement po na makapag-swab test sila? Sino daw po ang dapat sumagot - ang LGU na uuwian nila sa probinsiya o iyong LSI po mismo?

SEC. ROQUE: Ulitin ko po, ang moratorium ay nasa Region VI, Cebu Island, Mactan, Region XIII at Caraga lamang. At ngayon po ang protocol ay health certificate, and quarantine pagdating. Pag-uusapan po sa Huwebes iyong bagong protocol na kung saan posible na i-subject na sila sa PCR test doon po sa mga lugar na pupuntahan nila.

Secretary Galvez, would you like to add?

SEC. GALVEZ: Iyon po sa kung sino po ang gagastos, mayroon po tayong available test kits na 1 million, iyon po ang gagamitin po natin at saka kaya po isasama natin sa protocol ang LSI para po masama po ng Philhealth sa expanded protocol.

USEC. IGNACIO: Question naman o ni Tuesday Niu, nasagot na po ninyo Secretary, about Cebu City as epicenter ng COVID-19. Tanong mula kay Reina Tolentino of Manila Times: Any update daw po sa vaccine for COVID-19?

SEC. ROQUE: Wala pa po, we get our information from the international media in this regard, and some intel reports. Pero I'm sure kapag mayroon na po, we would know as a planet.

So, unless there are other further questions, nagpapasalamat po tayo kay Secretary Galvez, kay Dra. Minguita Padilla, sa mga miyembro po ng Malacañang Press Corps at kay Usec. Rocky.

Bago po tayo umalis, maikling mensahe po para sa ating mga kababayan diyan sa Cebu: Magpatuo sa Task Force gikan sa atong Presidente para sa atong pag-ayo. Makig dasig ta mo labay na ning problemaha, dungagan nato og pag-ampo – naa sa atong kamot ang atong pag-ayo – magsuot og mask, hinaw sa kamot, pag sunod sa social distancing. *[Sumunod tayo sa Task Force na binuo ng ating Pangulo para sa ating ikakagaling. Umasa tayo na sana ay malampasan natin itong problema at kaakibat at ating mga panalangin – nasa ating mga kamay kagalingan – pagsuot ng face mask, maghugas ng kamay at pag sunod sa social distancing.]*

Sa ngalan po ng ating Presidente Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox Harry Roque saying Philippines, keep safe.

##

--

News and Information Bureau-Data Processing Center